


# Bumubuo kami ng bagong pananaw para sa 710 Corridor

I-710 TASK FORCE

Metro

# Maligayang pagdating!

*Magsisimula na tayo sa loob ng ilang sandali.*

**Pagpupulong ng 710 Task Force #9:**

**Hunyo 13, 2022**

Metro

# Facilitator



**Erika C.B. Morales**

Partner, Morales + Morales Partners


Metro

# Pangkat ng Metro



**KeAndra Cylear Dodds**

LA Metro, Equity and Race



**Ernesto Chaves**

LA Metro, Highway Programs



**Jessica Medina**

LA Metro, Equity and Race



**Lilian De Loza-Gutierrez**

LA Metro, Community Relations



**Michael Cano**

LA Metro, Countywide Planning

# Interpretation / *Interpretación /kar bakasray / Interpretasyon*

**To listen to the meeting in another language:**

***Español*:**

> *Llamada en español:* 872.240.3212
> *Código de acceso:* 514-659-501

***Khmer:***

> *សេចក្ដីលម្អិត អំពីការហៅចូលប្រជុំ:* 786.535.3211
> *លេខកូដចូលប្រើ:* 856-303-189

***Tagalog:***

> *Mga Detalye sa Call-in sa Pagpupulong:* 872.240.3212

> *Kodigo:* 933-864-189


**Tech Support - Google phone line/text**

> Phone: 323.609.3345
> Monitoring, translation support

Metro

# Task Force Member Identification

**Task Force Members, please change your Zoom screen name to include:** Name and Organization Name



# Raise Hand / Itaas ang Kamay

> Click **Raise Hand** in your meeting controls or
> **Press*9** on the phone line.
> To lower your hand, click **Raise Hand** in your meeting controls.
> Comments & questions can also be provided in writing by using the **Q&A** function.
> The **Q&A** button is located on the control panel at the bottom of your screen.
> If you're listening in on our Spanish, Khmer or Tagalog **phone** call-in lines and have a question or comment, please **press *6** to unmute yourself and let the interpreter know.

> *I-click ang **Itaas ang Kamay (Raise Hand)** sa iyong mga kontrol sa pagpupulong o*
> ***Pindutin ang *9** sa linya ng telepono.*
> *Para ibaba ang iyong kamay, i-click ang **Itaas ang Kamay** sa iyong mga kontrol sa pagpupulong.*
> *Maaari ding ibigay ang mga komento at tanong nang nakasulat sa pamamagitan ng paggamit ng function na **Q&A**.*
> *Matatagpuan ang button ng **Q&A** sa control panel sa ibabang bahagi ng iyong screen.*
> *Kung nakikinig ka sa aming mga call-in na linya ng telepono sa Espanyol, Khmer o Tagalog at may tanong o komento ka, mangyaring **pindutin ang *6** para i-unmute ang iyong sarili at ipaalam ito sa iyong interpreter.*

Metro

# Maligayang pagdating!

Metro

# Mga Layunin ng Pagpupulong

> Magsasagawa ang Task Force ng Huling Pagboto sa Iminumungkahing Draft ng Pahayag ng Bisyon ng I-710 South Corridor, Mga Panggabay na Tuntunin, at Mga Tunguhin

> Update sa mga aksyon ng Lupon ng Metro sa pagpupulong noong Mayo 2022, kasama ang paggamit ng alternatibong "No Build" para sa naunang Proyekto ng I-710 South Corridor at mungkahi nina Direktor Hahn, Solis, Mitchell, at Dutra sa kung paano ipagpapatuloy ang gawain ng Task Force.

> Pagpapakilala sa susunod na yugto ng Proyekto

> Mga Report Out mula sa Task Force, Mga Working Group, Komite sa Pamumuno ng Komunidad, at Komite sa Koordinasyon

> Pagkumpirma sa mga bagong Miyembro ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad

Metro

# Agenda

**5:00 pm**

**Pagbati, Mga Introduksiyon, Pagsusuri ng Agenda, at mga Layunin ng Pagpupulong**

**5:20 PM**

**Item sa Agenda #1: Mga Iminumungkahing Panggabay na Tuntunin, Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin ng 710 Corridor**

**6:55 PM**

**Item sa Agenda #2: Mga Update ng Pangkat sa Proyekto**

**7:10 PM**

**Item sa Agenda #3: Mga Report Out (Kung may oras pa)**

**7:25 PM**

**Pagkomento ng Pangkalahatang Publiko at Pangwakas na Pananalita**

**7:30 PM**

**Mga Paparating na Pagpupulong**

Metro

# Detalyadong Agenda

**5:00 PM** Pagbati, Mga Introduksiyon, Pagsusuri sa Agenda, at Mga Layunin ng Pagpupulong, Pagdalo (20 minuto)

**5:20 PM** Item sa Agenda #1: Iminumungkahing Draft ng Mga Panggabay na Tuntunin, Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin nai ng I-710 South Corridor (95 minuto)

1.1 Recap ng Natanggap na Input (5 minuto)

- 1.2 Katarungan at Pagiging Likas-kaya (Sustainability) bilang Mga Panggabay na Tuntunin (5 minuto)
- i.Talakayan (10 minuto)
- ii.Pagiging Likas-kaya bilang Panggabay na Tuntunin - Pagsubok para sa Pinagkasunduan (5 minuto)
- iii. Pagkomento ng Publiko (5 minuto)
- iv. Pagboto (5 minuto)
- 1.3 Pahayag ng Bisyon (5 minuto)
- i. Talakayan (10 minuto)
- ii. Pagsubok para sa Pinagkasunduan (5 minuto)
- iii. Pagkomento ng Publiko (5 minuto)
- iv. Pagboto (5 minuto)
- 1.4 Mga Tunguhin (5 minuto)
- i. Talakayan (10 minuto)
- ii. Pagsubok para sa Pinagkasunduan (5 minuto)
- iii. Pagkomento ng Publiko (5 minuto)
- iv. Pagboto (5 minuto)

**6:55 pm** Item sa Agenda #2: Mga Update ng Pangkat sa Proyekto (15 minuto)


- 2.1 Update sa Alternatibong No Build/Bagong Mungkahi ng I-710 South Corridor (5 minuto)
- i. Pag-uulat sa Pahayag ng Bisyon, Mga Panggabay na Tuntunin at Mga Tunguhin
- ii. Muling Pagpapangalan sa Corridor
- iii. Paggawa ng Plano para sa Maagang Pamumuhunan
- 2.2 Susunod na Yugto ng Proyekto (Yugto III/IV)
- i. Talakayan (5 minuto)
- ii. Pagkomento ng Publiko (5 minuto)

**7:10 PM** Item sa Agenda #3: Mga Report Out (Kung may oras pa) (15 minuto)

- 3.1 Oryentasyon/Pagpupulong ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad #3
- i.Kumpirmasyon ng mga bagong Miyembro ng CLC
- a.Mungkahi
- b.Pagboto
- 3.2 Pagpupulong ng Task Force #8
- 3.3 Pagpupulong ng Working Group sa Walang Emisyong Trak #6
- 3.4 Working Group sa Katarungan #3
- 3.5 Pagpupulong ng Komite sa Koordinasyon #2

**7:25 PM** Pagkomento ng Pangkalahatang Publiko at Pangwakas na Pananalita (5 minuto)

**7:30 PM** Mga Paparating na Pagpupulong (5 minuto)




Find more project materials at: https://www.metro.net/projects/i-710-corridor/#documents




Find more project materials at: https://www.metro.net/projects/i-710-corridor/#documents

# Pagdalo ng Task Force – Roll Call

| | AHENSIYA | Namumuno | Alternatibo |
|---|---|---|---|
| 1 | Access Services, Inc. | Randy Johnson | Louis Burns |
| 2 | Alameda Corridor Transportation Authority (ACTA) | Michael Leue | |
| 3 | Breathe Southern California | Tigran Agdaian | Ivan Fonseca |
| 4 | Burlington Northern Santa Fe (BNSF) Railway | Lena Kent | |
| 5 | California Air Resources Board (CARB) | Robert Krieger | |
| 6 | CALSTART | Alycia Gilde | Niki Okuk |
| 7 | City of Bell Gateway Cities Council of Governments (GCCOG) Ad Hoc Committee | Councilmember Ali Saleh | |
| 8 | City of Commerce GCCOG Ad Hoc Committee | Mayor Oralia Rebollo | |
| 9 | City of Cudahy GCCOG Ad Hoc Committee | Mayor Elizabeth Alcantar | |
| 10 | City of Long Beach | Councilmember Suely Saro | |
| 11 | City of Los Angeles | Dan Rodman | Chet Edelman |
| 12 | Coalition for Clean Air | Chris Chavez | Commissioner Joe Lyou |
| 13 | Communities for a Better Environment (CBE) | Jennifer Ganata & Dilia Ortega *(co-leads)* | Ambar Rivera |
| 14 | County of Los Angeles, Supervisorial District 1 | Martin Reyes/Ben Feldman | Aydin Pasebani |
| 15 | County of Los Angeles, Supervisorial District 2 | Lilly O'Brien-Kovari | |
| 16 | County of Los Angeles, Supervisorial District 4 | Luke Klipp | Viviana Gomez |
| 17 | Earthjustice | Fernando Gaytan | Adrian Martinez |
| 18 | East Yard Communities for Environmental Justice (EYCEJ) | Laura Cortez | Taylor Thomas |
| 19 | Harbor Trucking Association (HTA) | Matt Schrap | Robert Loya |
| 20 | International Brotherhood of Teamsters, Local Union 848 | Eric Tate | Louie Diaz |
| 21 | LA County Business Federation (BizFed) | Chris Wilson | Sarah Wiltfong, Director of Policy |
| 22 | LA County Department of Public Works | Steve Burger | Elaine Kunitake/Edel Vizcarra |
| 23 | LA County Economic Development Corporation (LAEDC) | Stephen Cheung | |
| 24 | LA Unified School District | Fidencio Gallardo | |
| 25 | Legal Aid Foundation of LA-Long Beach (LAFLA-LB) | Ghirlandi Guidetti | Angela M. Turner |
| 26 | Long Beach Alliance for Children with Asthma (LBACA) | Sylvia Betancourt | Marlin Dawoodjee Vargas |
| 27 | Long Beach Transit (LBT) | Marisol Barajas | Lisa Patton |
| 28 | METRANS Transportation Consortium | Dr. Genevieve Giuliano | Sue Dexter |
| 29 | Metrolink (Southern California Regional Rail Authority) | Roderick Diaz | David Huang |
| 30 | National Resources Defense Council (NRDC) | Natalia Ospina | |
| 31 | Pacific Merchant Shipping Association (PMSA) | Michele Grubbs | Thomas Jelenic |
| 32 | Port of Long Beach (POLB) | Commissioner Sharon Weissman | Theresa Dau-Ngo |
| 33 | Port of Los Angeles (POLA) | Kerry Cartwright | Tony Gioiello |
| 34 | South Coast Air Quality Management District (AQMD) | | Dr. Sarah Rees/Dr. Aaron Katzenstein |
| 35 | Southeast Los Angeles (SELA) Collaborative | Dr. Wilma Franco | |
| 36 | Southern California Association of Governments (SCAG) | Scott Strelecki | Alison Linder |
| 37 | Union Pacific (UP) Railroad | Lupe Valdez | |
| 38 | USC Equity Research Institute (ERI) | Edward Muna | Dr. Manuel Pastor |

# Item #1 ng Agenda:
# I-710 South Corridor
# Draft ng Mga Panggabay na Tuntunin, Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

Metro

# Item #1.1 ng Agenda:
# Recap ng Natanggap na Input

Metro

# Bagong Mungkahi ng I-710 South Corridor – Mga Highlight (Direktor Hahn, Solis, Mitchell at Dutra)

## Patakaran

- Hindi kasama sa proyektong ito ang Pagpapalaki ng Kapasidad sa Pagpapalawak ng Freeway

## Mga Ipapasa

- Ipakita sa Hunyo ang Pahayag ng Bisyon, Mga Panggabay na Tuntunin, at Mga Tunguhin ng Task Force
- Muling mag-ulat sa Setyembre tungkol sa:
  - Muling pagpapangalan ng Proyekto ng I-710 South Corridor sa pamamagitan ng ingklusibong proseso
  - Mga Maagang Inisyatiba (minimum na 3)
  - Update sa pagpapaunlad ng Plano sa Pamumuhunan

## Pakikibahagi

- Makipagtulungan sa mga lokal na stakeholder para suportahan ang mga inisyatiba
- Makipagtulungan sa mga pangregulasyong ahensiya ng estado at pederal na pamahalaan para makakuha ng mga pag-apruba

# Timeline ng Pagpapaunlad ng Pahayag sa Bisyon at Mga Tunguhin ng 710

Ipinapakita ng timeline na ito ang mga pangunahing aktibidad at petsa para sa Pagpapaunlad ng Pahayag sa Bisyon at Mga Tunguhin ng 710 Task Force .

## Pebrero

**Pebrero 17** – Ipakilala ang Yugto ng Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong ng Task Force #5

**Pebrero 22** – Ilunsad ang Survey sa Bisyon at Mga Tunguhin

**Pebrero 23** – Talakayin ang pakikipag-ugnayan para sa survey at format ng workshop sa Pagpupulong ng Working Group sa Estratehiya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

## Marso

**Unang Bahagi ng Marso** – Susuriin ng Pangkat sa Proyekto ang mga resulta ng survey at gagawa ito ng pangunahing draft ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

**Marso 14** – Ipapakita ang mga resulta ng pangunahing survey at ang unang draft ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong ng Task Force #6

**Marso 23** – Pampublikong Pagpupulong sa Pagpapaunlad ng Bisyon at Mga Tunguhin

**Marso 30** – Isasara ang Survey sa Bisyon at Mga Tunguhin

**Marso 31** – Talakayin ang Bisyon at Mga Tunguhin sa pasimulang pagpupulong ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad (CLC)

## Abril

**Unang Bahagi ng Abril** – Isasama ng Pangkat sa Proyekto ang input sa Panghuling Draft ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

**Abril 5** – Talakayin ang Bisyon at Mga Tunguhin mula sa perspektibo ng katarungan sa pasimulang pagpupulong ng Working Group sa Katarungan

**Abril 11** – Suriin ang Draft ng Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong ng Task Force #7

**Abril 19** – Pagsusuri ng Input ng Publiko sa Bisyon at Mga Tunguhin sa Pagpupulong #2 ng CLC
Pagpupulong ng Working Group sa Katarungan #2
Magmungkahi ng mga pagpapabuti sa Draft ng Bisyon at Mga Tunguhin mula sa perspektibo ng katarungan

**Abril 28** – Pagpupulong ng Komite sa Koordinasyon #1 - Update sa Yugto ng Pagpapaunlad sa Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

## Mayo/Hunyo

WE ARE HERE Narito tayo

**Mayo 9** – Pinapabuti ng Pagpupulong ng Task Force #8 ang draft ng pahayag sa Bisyon at Mga Tunguhin

**Hunyo 13** – Pagpupulong ng Task Force #9 Isaalang-alang at pagbotohan ang Iminumungkahing Pahayag ng Bisyon, Mga Panggabay na Tuntunin, at Mga Tunguhin

**Nagpapatuloy na Pakikipag-ugnayan sa Publiko –**
Maaaring magsumite ang Mga Miyembro ng Task Force at miyembro ng publiko ng mga nakasulat na komento, email, o sulat sa Metro at Caltrans para magbigay ng input sa pagpapaunlad at pag-apruba ng Pahayag sa Bisyon at Mga Tunguhin ; Maaari ding magbigay ang mga miyembro ng publiko ng pampublikong komento sa panahon ng Pagpupulong ng Task Force #5, 6, 7, at 8.

Metro

# Pamamaraan sa Bisyon, Mga Tunguhin, at Mga Layunin

**Bisyon**

Maikling pahayag na naglalarawan sa kolektibong hinahangad, ninanais, at kalalabasan ng proyekto

**Bisyon:**

*DRAFT ng Pahayag sa Bisyon (Abril 11, 2022):*

*Isang multimodal na sistema ng transportasyon na makatarungan at nakabahagi ang paggamit na sumusuporta sa malinis na hangin, malulusog at likas-kayang komunidad, katatagan ng ekonomiya at mga may kalidad na trabaho; at nagbibigay ng mga ligtas at may kalidad na opsiyon sa paggalaw para sa lahat ng residente at gumagamit ng I-710 South Corridor.*


Metro

# Pamamaraan sa Bisyon, Mga Tunguhin, at Mga Layunin

**Mga Tunguhin**

Mga ninanais na kalalabasan para sa mga pangkalahatang larangan na dapat alalahanin para suportahan at makamit ang kabuuang Bisyon

**Bisyon** → **Mga Tunguhin**




Metro

# Iminumungkahing Draft ng Mga Panggabay na Tuntunin, Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

Para kompletuhin ang yugto ng bisyon at mga tunguhin, mula noong Pagpupulong ng Task Force #8, isinagawa namin ang mga sumusunod na hakbang:


- ✓ Nakibahagi sa Task Force ng 710 South Corridor, Komite sa Pamumuno ng Komunidad, at Mga Working Group
- ✓ Nagsagawa ng Dalawang Pagpupulong at naglaan ng mga oras ng tanggapan para sa Komite sa Pamumuno ng Komunidad
- ✓ Pinabuti ang Mga Iminumungkahing Panggabay na Tuntunin, Pahayag ng Bisyon, at Mga Tunguhin para saklawin ang malawak na hanay ng mga pananaw

Metro

# Item #1.2 ng Agenda:
# Katarungan at Pagiging Likas-kaya bilang Mga Panggabay na Tuntunin

Metro

# Mga Paunang Tunguhin ng 710 South Corridor





Metro

# Ipinapakilala ang Mga Panggabay na Tuntunin

**Panggabay na Tuntunin**

Isang pinapahalagahan na gumagabay sa lahat ng proseso at kalalabasan sa pamamagitan ng magkakaugnay at sadyang framework

Ipinapanukalang Pamamaraan




Metro

# Bakit Ipapakilala ang Katarungan at Pagiging Likas-kaya bilang Mga Panggabay na Tuntunin?

**Nalalapat ang Katarungan at Pagiging Likas-kaya sa lahat ng aspeto ng Plano sa Pamumuhunan at Task Force ng 710 South Corridor.**

> Precedent: Estratehikong Plano para sa Paggalaw ng Mga Produkto ng LA County para sa 2021

**Tumutulong na higit pang ipaliwanag ang Katarungan at Pagiging Likas-kaya para makamit ang pag-unawa ng lahat**

> Pagkakataon para linawin ang mga bahagi ng Katarungan at Hustisya na maraming layer, at kung paano nauugnay ang mga ito sa proseso ng pagpaplano: **Pamproseso + Namamahagi + Nagpapanumbalik + Pang-estrukturang Katarungan**

> Nagbibigay ng kahulugan ng Pagiging Likas-kaya na sinasaklaw ang malawak na kahulugan nito at kung paano ito nalalapat sa proseso ng pagpaplano

**Ang isang panggabay na tuntunin ay:**

> Nagbibigay ng impormasyon para sa mga proseso at inisyatiba sa bawat yugto ng proyekto

> Tumutulong na mabigyang-pansin ang mga talakayan at tukuyin ang mga priyoridad

> Iniuugnay ang magkakahiwalay na bahagi ng trabaho sa proyekto sa nagkakaisa at sadyang framework

> Binabawasan ang mga pag-uulit-ulit sa mga layunin at estratehiya

Metro

# Panggabay na Tuntunin ng Katarungan

**Panggabay na Tuntunin**

Isang pinapahalagahan na gumagabay sa lahat ng proseso at kalalabasan sa pamamagitan ng magkakaugnay at sadyang framework

Itinatag ang Plano sa Pamumuhunan ng I-710 South Corridor sa Panggabay na Tuntunin ng Katarungan: "Isang pangako na: *(1) magsikap na iwasto ang mga pinsala sa nakaraan; (2) magbigay ng patas at makatarungang access sa mga pagkakataon; at (3) alisin ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa mga proseso, kinalalabasan, at resulta sa komunidad ng proyekto."*

"Nilalayon ng plano na iangat at idiin ang tuntunin ng Katarungan sa lahat ng tunguhin, layunin, estratehiya, at aksyon sa pamamagitan ng framework ng Pamproseso, Namamahagi, Pang-estruktura, at Nagpapanumbalik na Katarungan, at sa pamamagitan ng pagsasapriyoridad ng naa-access at kumakatawang proseso ng pakikilahok para sa mga komunidad na pinakaapektado ng I-710."

# Panggabay na Tuntunin ng Pagiging Likas-kaya

**Panggabay na Tuntunin**

Isang pinapahalagahan na gumagabay sa lahat ng proseso at kalalabasan sa pamamagitan ng magkakaugnay at sadyang framework

Itinatag ang Plano sa Pamumuhunan ng I-710 South Corridor sa Panggabay na Tuntunin ng Pagiging Likas-kaya: *"Pag-unlad na natutugunan ang mga kasalukuyang pangangailangan nang hindi kinokompromiso ang kakayahan ng mga henerasyon sa hinaharap na matugunan ang kanilang mga sariling pangangailangan"*

*"Ang pangako sa pagiging likas-kaya ay ang pagtugon sa mga pangunahing panlipunan at pang-ekonomiyang pangangailangan, sa kasalukuyan at sa hinaharap, at responsableng paggamit ng natural na kapaligiran, lahat ng ito habang pinapanatili o pinapabuti ang kapakanan ng kapaligiran kung saan nakadepende ang buhay."*

# Talakayan ng Task Force

Metro

# Pagsubok para sa Pinagkasunduan – Pagiging Likas-kaya bilang Panggabay na Tuntunin

## Ano ang pananaw mo sa Pagiging Likas-kaya bilang Panggabay na Tuntunin?



| | | | |
|---|---|---|---|
| SINUSUPORTAHAN ko ang panukala | AYOS LANG ang panukala | MAY MGA ALALAHANIN AKO tungkol sa panukala | HINDI AKO SASAGOT dito |

Metro

# Pagkomento ng Publiko

Bibigyan kayo ng 1 minuto para magtanong o magkomrento, para masulit ang paglahok




Metro

# Bumoto ang Task Force para kumpirmahin ang Katarungan at Pagiging Likas-kaya bilang Mga Panggabay na Tuntunin

VOTE

- **Sinusuportahan ko ang Katarungan at Pagiging Likas-kaya bilang Mga Panggabay na Tuntunin.**

❑Oo

❑Hindi

❑Piniling Hindi Sumagot

# Item #1.3 ng Agenda:
# Pahayag ng Bisyon

Metro

# Pamamaraan sa Bisyon, Mga Tunguhin, at Mga Layunin

**Bisyon**

Maikling pahayag na naglalarawan sa kolektibong hinahangad, ninanais, at kalalabasan ng proyekto

**Bisyon:**

*DRAFT ng Pahayag sa Bisyon (Abril 11, 2022):*

*Isang multimodal na sistema ng transportasyon na makatarungan at nakabahagi ang paggamit na sumusuporta sa malinis na hangin, malulusog at likas-kayang komunidad, katatagan ng ekonomiya at mga may kalidad na trabaho; at nagbibigay ng mga ligtas at may kalidad na opsiyon sa paggalaw para sa lahat ng residente at gumagamit ng I-710 South Corridor.*

Metro

# Pahayag ng Bisyon

**Draft ng Pahayag ng Bisyon ng Pangkat sa Proyekto sa Pagpupulong ng Task Force #7 (Abril 11, 2022**) - Isang makatarungang multimodal na sistema ng transportasyon na nakabahagi ang paggamit na sumusuporta sa malinis na hangin, malulusog at likas-kayang komunidad, katatagan ng ekonomiya at mga may kalidad na trabaho; at nagbibigay ng mga ligtas at may kalidad na opsiyon sa paggalaw para sa lahat ng residente at gumagamit ng I-710 South Corridor.

**Rekomendasyon sa Pahayag ng Bisyon ng Working Group sa Katarungan (Abril 19, 2022)** - Isang makatarungang sistema ng transportasyon na nakabahagi ang paggamit na nagsusulong sa malinis na hangin, malulusog at likas-kayang komunidad, katatagan ng ekonomiya at mga may kalidad na trabaho; at nagbibigay ng mga ligtas at may kalidad na opsiyon sa paggalaw para sa lahat ng residente at gumagamit ng I-710 South Corridor.

**Rekomendasyon sa Pahayag ng Bisyon ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad (Mayo 23, 2022)** - Isang makatarungang multimodal na sistema ng transportasyon ng I-710 South Corridor na nakabahagi ang paggamit na nagbibigay-daan sa pangangalaga ng malinis na hangin (walang emisyon), malulusog at likas-kayang komunidad, at pagpapalakas ng ekonomiya, at nagbibigay ng mga ligtas at may kalidad na opsyon sa paggalaw para sa lahat ng komunidad at residente.

**Pahayag ng Bisyon na Iminumungkahi ng Pangkat sa Proyekto para sa Pagpupulong ng Task Force #9 (Hunyo 13, 2022) -** Isang makatarungang multimodal na sistema ng transportasyon ng I-710 South Corridor na nakabahagi ang paggamit na pinangangalagaan ang malinis na hangin (walang emisyon), malulusog at likas-kayang komunidad, at pagpapalakas ng ekonomiya, at nagbibigay ng mga ligtas at may kalidad na opsyon sa paggalaw para sa lahat ng komunidad at residente sa loob ng pinakamahalagang corridor para sa kargamento ng bansa.

Metro

# Iminumungkahing Pahayag ng Bisyon

**Bisyon**

Maikling pahayag na naglalarawan sa kolektibong hinahangad, ninanais, at kalalabasan ng proyekto

**Bisyon:**

**Iminumungkahing Pahayag ng Bisyon** ***(Hunyo 13, 2022)*** **-** *Isang makatarungang multimodal na sistema ng transportasyon ng I-710 South Corridor na nakabahagi ang paggamit na pinangangalagaan ang malinis na hangin (walang emisyon), malulusog at likas-kayang komunidad, at pagpapalakas ng ekonomiya, at nagbibigay ng mga ligtas at may kalidad na opsyon sa paggalaw para sa lahat ng komunidad at residente sa loob ng pinakamahalagang corridor para sa kargamento ng bansa.*

Metro

# Talakayan ng Task Force

Metro

# Pinagkasunduan sa Iminumungkahing Draft ng Pahayag ng Bisyon

## Ano ang iyong pananaw sa Mga Iminumungkahing Draft ng Pahayag ng Bisyon?




Metro

# Pagkomento ng Publiko

Bibigyan kayo ng 1 minuto para magtanong o magkomrento, para masulit ang paglahok



# Pagboto ng Task Force sa Iminumungkahing Pahayag ng Bisyon




- **Sinusuportahan ko ang Iminumungkahing Pahayag ng Bisyon.**

- ❑ Oo
- ❑ Hindi
- ❑ Piniling Hindi Sumagot

Metro

# Item #1.4 ng Agenda:
# Mga Tunguhin


Metro

# Pamamaraan sa Bisyon, Mga Tunguhin, at Mga Layunin

**Mga Tunguhin**


Mga ninanais na kalalabasan para sa mga pangkalahatang larangan na dapat alalahanin para suportahan at makamit ang kabuuang Bisyon

**Bisyon** → **Mga Tunguhin**




Metro

# Pamamaraan sa Bisyon, Mga Tunguhin, at Mga Layunin




Idiniin ng feedback ng Working Group sa Katarungan at Task Force na ang Katarungan at Pagiging Likas-kaya ay malalawak at maraming layer na pinapahalagahan na nalalapat sa lahat ng tunguhin at layunin.

Metro

# *Mga Rekomendasyon ng CLC sa Mga Tunguhin ng Proyekto*

> Sa palagay ng ilang miyembro ng CLC, maayos na ang kasalukuyang pagkakasulat ng mga tunguhin. Para sa iba, kasama sa mga tema ng komento ng CLC tungkol sa Draft ng Mga Tunguhin ang:

- Sa palagay ng maraming miyembro ng CLC, dapat maging mas partikular ang mga tunguhin (hal., masyadong malabo ang salitang "pahusayin" at nagbibigay-daan ito sa kaunti/maliit na pagbabago para matugunan ang tunguhin).

- Dapat baguhin ang mga salita sa tunguhin ng "komunidad." Hindi malinaw kung ano ang ibig sabihin ng "katatagan ng mga komunidad."

- Dapat kasama sa tunguhing "Pagiging Likas-kaya/Kapaligiran" ang pagsangguni sa "pagpapaganda."

- Dapat kasama sa tunguhin ang "pagbabawas ng ingay."

Metro

# Input ng Task Force sa Mga Tunguhin ng Proyekto

Sa palagay ng ilang miyembro ng Task Force, maayos na ang kasalukuyang pagkakasulat ng mga tunguhin. Para sa iba, kasama sa mga komento tungkol sa Draft ng Mga Tunguhin ang:

> Pangangailangang tumugon sa pagpapabuti ng kalidad ng lokal na hangin

> Kailangang partikular na banggitin ang paggalaw ng mga produkto

> Masyadong nakatuon sa sasakyan ang kaligtasan para sa “mga kalsada at daanan ng sasakyan”

> Dapat saklawin ng kaligtasan ang personal na kaligtasan

> Hindi malinaw ang katagang “katatagan ng komunidad”

> Hindi malinaw kung para kanino ang mga trabaho at pagkakataon

> Hindi malinaw kung direktang nagbibigay ng mga may kalidad na trabaho

> Dapat sumangguni sa parehong natural at binuong kapaligiran

Metro

# Mga Iminumungkahing Tunguhin

**KALIDAD NG HANGIN**

Binagong Draft ng Tunguhin: **Alagaan ang kalidad ng malinis na hangin sa lokal at rehiyon**

*Dating Draft ng Tunguhin: Pabutihin ang Kalidad ng Hangin*

**KADALIANG KUMILOS**

Binagong Draft ng Tunguhin: **Pahusayin ang paggalaw ng mga tao at produkto**

*Dating Draft ng Tunguhin: Pahusayin ang paggalaw ng mga tao at produkto*

**KOMUNIDAD**

Binagong Draft ng Tunguhin: **Suportahan ang mga likas-kayang komunidad sa pamamagitan ng pagpapahusay ng kalusugan at kalidad ng buhay ng mga residente**

*Dating Draft ng Tunguhin: Pabutihin ang kalusugan at kalidad ng buhay ng mga residente at katatagan ng mga komunidad*

**KALIGTASAN**

Binagong Draft ng Tunguhin: **Gawing mas ligtas ang lahat ng paraan ng pagbiyahe**

*Dating Draft ng Tunguhin: Magbigay ng mga ligtas na lansangan, kalsada, at komunidad*

**EKONOMIYA**

Binagong Draft ng Tunguhin: **Alagaan ang access ng komunidad sa mga may kalidad na trabaho, pagpapaunlad ng manggagawa, at mga pagkakataon sa ekonomiya**

*Dating Draft ng Tunguhin: Magbigay ng mga may kalidad na trabaho, pagpapaunlad ng manggagawa, at mga oportunidad sa ekonomiya*

**KAPALIGIRAN**

Binagong Draft ng Tunguhin: **Pahusayin ang natural at binuong kapaligiran**

*Dating Draft ng Tunguhin: Tugunan ang pagbabago ng klima at pahusayin ang kapaligiran*

# Pagsubok para sa Pinagkasunduan sa Mga Iminumungkahing Tunguhin

## Ano ang iyong pananaw sa Mga Iminumungkahing Tunguhin?



SINUSUPORTAHAN ko ang panukala

AYOS LANG ang panukala

MAY MGA ALALAHANIN AKO tungkol sa panukala

HINDI AKO SASAGOT dito

Metro

# Pagkomento ng Publiko

Bibigyan kayo ng 1 minuto para magtanong o magkomrento, para masulit ang paglahok




Metro

# Pagbobotohan ng Task Force ang Mga Iminumungkahing Tunguhin

- **Sinusuportahan ko ang Mga Iminumungkahing Tunguhin.**

- ❑ Oo
- ❑ Hindi
- ❑ Piniling Hindi Sumagot

# Item #2 ng Agenda:
# Mga Update ng Pangkat sa Proyekto

Metro

# Item #2.1 ng Agenda:
# Update sa Alternatibong No Build/ Bagong Mungkahi ng I-710 South Corridor

Metro

# Update sa Alternatibong No Build/ Bagong Mungkahi ng I-710 South Corridor

Sa Pagpupulong ng Lupon nito noong Mayo 26, inaprubahan ng Lupon ng Mga Direktor ng Metro ang "Mungkahi ng I-710 South Corridor" nina Direktor Hahn, Solis, Mitchell, at Dutra na nilalayon ang mga sumusunod:

- Muling pag-uulat sa Hunyo 2022 tungkol sa Mga Panggabay na Tuntunin, Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin na inirekomenda ng Task Force para sa pagsasaalang-alang at pag-apruba ng Lupon
- Muling pagpapangalan sa Proyekto ng I-710 South Corridor bago lumipas ang Setyembre 2022, sa pakikipagkonsulta sa 710 Task Force at mga stakeholder ng corridor, para maging mas ingklusibo sa mga priyoridad at pamamaraan na isusulong sa kinabukasan ng proyektong ito, nang may atensyon sa higit pa sa freeway lang
- Dahil hindi makakakuha ng suporta mula sa Caltrans o sa EPA ng U.S. ang pagpapalaki ng kapasidad sa pagpapalawak ng freeway, tatanggapin natin bilang pakataran ng Lupon na hindi na kasama sa proyekto ang pagpapalaki ng kapasidad sa pagpapalawak ng freeway

# Bagong Mungkahi ng I-710 South Corridor

A. Bumuo at Magpatupad ng proyekto sa Plano sa Pamumuhunan, na:
   1. Isinasama ang feedback mula sa 710 Task Force at Mga Working Group nito at sa Komite sa Pamumuno ng Komunidad, Mga Lungsod sa Corridor, at Konseho ng Mga Gobyerno sa Mga Lungsod sa Gateway, at stakeholder sa komunidad;
   2. Iniaayon ang mga inisyatiba sa mga pagkakataon sa pagpopondo, kasama:
      a. Ang Plano sa Maagang Pamumuhunan para sa minimum na tatlong inisyatiba na mag-a-apply para sa mga available na pagkakataon sa pagpopondo ng Estado at Pederal na Pamahalaan sa Taon sa Kalendaryo na 2022; at
      b. Ang Bahagyang Pangmatagalan at Pangmatagalang Plano sa Pamumuhunan para sa mga inisyatiba na makatuwirang makakapag-apply para sa mga pagkakataon sa pagpopondo ng Pederal na Pamahalaan at Estado sa mga out year;
   3. Mga pagkilos na nalalapat sa mga pondo ng Measure R at Measure M para ma-maximize ang mga dapat isumite at pagtumbas sa pagpopondo ng Pederal na Pamahalaan at Estado;
   4. Nagbibigay ng hanay ng mga pangunahing pamumuhunan na makokompleto nang hindi lalagpas sa 2028;
   5. Tumutukoy sa mga pagkakataon sa pagpopondo ng Pederal na Pamahalaan na maaaring isama sa Batas sa Pamumuhunan sa Impraestruktura at Mga Trabaho na “Estratehiya sa Mga Gawad at 5 Taong Plano sa Pagpapatupad” na kasalukuyang pinapaunlad para sa presentasyon sa Lupon ng Metro;

# Bagong Mungkahi ng I-710 South Corridor

5. Tumutukoy sa mga  pagkakataon sa pagpopondo ng Pederal na Pamahalaan na maaaring isama sa Batas sa Pamumuhunan sa Impraestruktura at Mga Trabaho na "Estratehiya sa Mga Gawad at 5 Taong Plano sa Pagpapatupad" na kasalukuyang pinapaunlad para sa presentasyon sa Lupon ng Metro;

B. Pakikibahagi sa Departamento ng Transportasyon ng California (California Department of Transportation) at Ahensiya sa Transportasyon ng Estado (State Transportation Agency), Lupon sa Mga Mapagkukunan sa Hangin ng California (California Air Resources Board), Komisyon sa Enerhiya ng California (California Energy Commission), Departamento ng Enerhiya at Transportasyon ng U.S. (U.S. Departments of Energy and Transportation) at Ahensiya sa Pagpoprotekta ng Kapaligiran (U.S. Environmental Protection Agency), para makabuo ng paggabay sa Bahagyang Pangmatagalan at Pangmatagalang Plano sa Pamumuhunan.

C. Makibahagi sa mga kasosyo sa lungsod, county, at rehiyon, kasama ang Distrito para sa Pamamahala ng Kalidad ng Hangin ng South Coast (South Coast Air Quality Management District) at Cleantech Incubator ng Los Angeles, para maisaayos at masuportahan ang mga lokal na inisyatiba bilang bahagi ng Plano sa Pamumuhunan ng proyekto; at

D. Muling mag-ulat sa Setyembre 2022 tungkol sa pagbuo at pagpapatupad ng Estratehiya sa Pamumuhunan na ito, kasama ang minimum na tatlong inisyatiba na nag-a-apply para sa available na pagpopondo ng Estado at Pederal na Pamahalaan sa Taon sa Kalendaryo na 2022.

Metro

# Mga Milestone sa Yugto III/IV: Mga Maagang Inisyatiba sa 2022

Sa Pagpupulong ng Lupon nito noong Mayo 26, 2022, inaprubahan ng Lupon ng Mga Direktor ng Metro ang mungkahing naglagay ng mga karagdagang gawain at kondisyon para sa pagkompleto ng Plano sa Pamumuhunan para sa I-710 South Corridor.

Kasama sa mga kondisyon ang pangangailangang tukuyin:

*Ang Plano sa Maagang Pamumuhunan para sa minimum na tatlong inisyatiba na mag-a-apply para sa mga available na pagkakataon sa pagpopondo ng Estado at Pederal na Pamahalaan sa Taon sa Kalendaryo na 2022.*

Tinatawag namin ang mga ito bilang “Mga Maagang Inisyatiba,” na dapat tukuyin sa muling pag-uulat sa Lupon ng Metro sa Setyembre 2022.  Isasagawa ang karagdagang hakbang na ito nang kasabay ang iba pang aktibidad ng Task Force at Komite sa Pamumuno ng Komunidad.

Isumite ang Impormasyon tungkol sa Proyekto sa Maagang Inisyatiba bago lumipas ang **Biyernes, Hulyo 1**

Metro

# Pagkumpirma ng Bagong Miyembro para sa Task Force

**Panukala:**

**Kumpirmahin si Sinetta Farley, na Residente ng East/Rancho Dominguez, bilang Miyembro ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad.**

# Talakayan ng Task Force

# Pagkomento ng Publiko

Bibigyan kayo ng 1 minuto para magtanong o magkomrento, para masulit ang paglahok




Metro

# Item #3 ng Agenda:
# Mga Report Out

Metro

# Item #3.1 ng Agenda:
# Kumpirmasyon ng bagong Miyembro ng CLC

Metro

# Pagkumpirma ng Task Force sa mga bagong Miyembro ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad

**Panukala:**

**Isasaalang-alang ng Task Force ang paghirang kay Jamila Cervantes (Maywood) bilang bagong Miyembro ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad (Community Leadership Committee, CLC).**

Metro

# Mungkahi ng Task Force

# Pagboto ng Task Force para kumpirmahin ang mga bagong miyembro ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad (CLC)

VOTE

- **Sinusuportahan ko ang paghirang ng mga bagong Miyembro ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad (CLC).**

❑Oo

❑Hindi

❑Piniling Hindi Sumagot

# Oryentasyon at Pagpupulong ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad #3

## Buod ng Oryentasyon

- Virtual na isinagawa sa pamamagitan ng Zoom noong Miyerkules, Mayo 11
- 16 na miyembro ng CLC ang dumalo

## Buod ng Pagpupulong

- Virtual na isinagawa sa pamamagitan ng Zoom noong Huwebes, Mayo 19 at Mayo 23
- 15 miyembro ng CLC ang dumalo (5/19) at 17 miyembro ng CLC ang dumalo (5/23)

## Mga Highlight

- Pinagbotohan ang Pahayag ng Bisyon ng CLC
- Sinuri ang at nagbigay ng feedback tungkol sa mga tunguhin

## Pag-iisip tungkol sa Pagpupulong sa Hinaharap

- Petsa ng Pagpupulong: Huwebes, Hunyo 23, 5-7pm

# Recap ng Pagpupulong ng Task Force #8

## Boud

> Virtual na isinagawa sa pamamagitan ng Zoom noong Lunes, Mayo 9, 2022

> 103 kalahok (33 Miyembro/Kahalili (Alternate) ng Task Force, 3 miyembro ng CLC, at 67 Miyembro ng Publiko)

## Mga Highlight

✓ Kinumpirma ang bagong Miyembro ng Komite sa Pamumuno ng Komunidad (CLC)

✓ Tinalakay ang Feedback sa Bisyon, Mga Tunguhin, at Mga Layunin

✓ Ibinoto ang "Katarungan" bilang Panggabay na Tuntunin

✓ Ipinakita ang Panukala para Ipakilala ang "Pagiging Likas-kaya" bilang Panggabay na Tuntunin

✓ Sinuri at Tinalakay ang Draft ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

✓ Nakibahagi sa Pagkamit ng Pagsang-ayon para Mapabuti ang Draft ng Pahayag ng Bisyon at Mga Tunguhin

Metro

# Recap ng Pagpupulong ng Working Group sa Walang Emisyong Trak #6

## Boud

> Virtual na isinagawa sa pamamagitan ng Zoom noong Martes, Mayo 17

> 51 kalahok (17 Miyembro/Kahalili ng Task Force, 3 miyembro ng CLC, at 10 Miyembro ng Working Group)

## Mga Highlight

✓ Mga Talakayan sa Breakout Room ng Disenyo ng Programa sa Walang Emisyon (Zero-Emission, ZE) na Trak tungkol sa mga sumusunod na paksa:

- Pakikibahagi sa Komunidad, Mga Benepisyo ng Komunidad, Mga Pagsasaalang-alang sa Katarungan, Pagbuo ng Impraestruktura para sa ZE, Mga Kalalabasan ng Programa
- Mga Estratehikong Pakikipagsosyo at Pagkakataon sa Pagpopondo
- Mga Pambatasan at Pampatakarang Inisyatiba
- Maliit na Set-Aside para sa Mga Subsidyo sa Sasakyan
- Mga Epekto sa Kapaligiran, Estratehiya sa Pagpapagaan, at Kalalabasan ng Programa

Metro

# Recap ng Pagpupulong ng Working Group sa Katarungan #3

**Boud**

> Virtual na isinagawa sa pamamagitan ng Zoom noong Miyerkules, Mayo 18

> 12 Kalahok (6 na Miyembro ng Task Force, 5 Miyembro ng CLC, 1 Miyembro ng GCCOG)

> Kasama sa mga layunin ng pagpupulong ang:
  - Pagsusuri ng layunin, mahahalagang salita, at progreso ng Tool sa Pagpaplano sa at Pagsusuri ng Katarungan (Equity Planning and Evaluation Tool, EPET) hanggang sa ngayon
  - Talakayin ang konteksto ng katarungan sa kasaysayan ng I-710 South Corridor at mga katabing komunidad
  - Talakayin kung paano gagabayan ng pamamaraang Katarungan sa Proseso ang nagpapatuloy na proseso sa pakikipag-ugnayan ng proyekto

**Mga Highlight**

✓ Kahalagahan ng pagsasama ng EPET sa lahat proseso ng working group, lalo na kung isinasama ang Katarungan bilang Panggabay na Tuntunin.

✓ Kahalagahan ng pagkamit ng mapagpanumbalik na katarungan para sa mga nasa corridor at mga inilipat na mula sa corridor dahil sa konstruksyon ng freeway at iba pang dating kasiraan.

✓ Kahalagahan ng pagdadala ng impormasyon sa proyekto sa mga kasalukuyang kaganapan at espasyong nauugnay sa mga organisasyong nakabase sa komunidad, paaralan, o institusyong nakabase sa pananampalataya at pangkultura, lalo na sa mga nauugnay sa mga grupong hindi gaanong kinakatawan at/o labis na naaapektuhan.

**Mga Susunod na Hakbang**

> Pagrerepaso ng pagsusuri at pagmamapa ng data na nauugnay sa katarungan

> Pagtalakay ng tungkulin ng EWG sa yugto ng mga multi-modal na estratehiya at proyekto


Metro

# Recap ng Pagpupulong ng Working Group sa Katarungan #3

## Konteksto ng Katarungan sa Kasaysayan

Presentasyon at talakayan na naglalayong tugunan ang tanong ng EPET: ***"Anong mga pamumuhunan, desisyon, kaganapan o pagpapaunlad sa kasaysayan ang nakadagdag sa mga kasalukuyang kondisyon ng komunidad?"***

> Maagang Pag-unlad sa Residensiyal na Lugar at ng Industriya
> Mga Pagbabago sa Redlining, Patakaran at Populasyon
> Konstruksyon ng freeway at paglipat (displacement)
> Kawalan ng Katarungan, Pagtutol, at Progreso sa Transportasyon sa Rehiyon
> Pagbabago sa demograpiko sa paglipas ng panahon




Isinulong ng mga puting negosyante ang "Anglo-only Enclaves" sa buong Timog-silangang LA (Pinagmulan: Archive ng litrato ng Lungsod ng Bell Gardens; KCET)



Sumasailalim sa konstruksyon sa harapan ang Sentrong Distrito sa Pagmamanupaktura sa I-710, 1956 (pinagmulan: Koleksyon ni Kelly-Holiday ng Mga Negatibo at Litrato, Pampublikong Aklatan ng Los Angeles)

## Pamamaraang Katarungan sa Proseso

> **Kanino** tayo kailangang makipag-ugnayan?
> **Anong** mga uri ng pakikipag-ugnayan ang pinakamabisa?
> **Saan** natin dapat isinasagawa ang mga pag-uusap na ito?
> **Kailan** ang tamang panahon para pinakamabisang makibahagi?
> **Paano** makipag-usap tungkol sa kung bakit mahalagang makilahok?

"Mga pag-canvass sa booth at sa personal sa mga kaganapan sa komunidad gamit ang mga one-pager"

"Mga Grupong Nakabase sa Pananampalataya; Mga Mataas na Paaralan; Mga Organisasyon ng Kabataan"

"Mga Pangnegosyong Organisasyon; Mga Unyon sa Paggawa; Mga Provider ng Pabahay"

"Mga Lokal na Club para sa Pagbibisikleta; Mga Club para sa Sasakyan; Mga Grupo sa Paglalakad; Mga Sumasakay ng Bus"

"Mga Klinikang Dalubhasa sa Hika"

Metro

# Recap ng Pagpupulong ng Komite sa Koordinasyon #2

## Boud

> Isinagawa ang Pagpupulong ng Komite sa Koordinasyon #2 sa pamamagitan ng Zoom noong Martes, Mayo 25, 2022

> 5 miyembro ng Komite sa Koordinasyon ang dumalo

## Mga Highlight

✓ Mungkahi ng Lupon ng Metro noong Mayo 26 at mga epekto sa gawain ng 710 Task Force

✓ Pagtukoy sa mga nalalapit na proyekto/programa

✓ Pagpopondo ng Gawad sa 2022

✓ Pagsusuri ng agenda para sa mga paparating na pagpupulong ng Task Force, CLC at Mga Working Group

Metro

# Pagkomento ng Pangkalahatang Publiko at Pangwakas na Pananalita

Metro

# Public Comment

Bibigyan kayo ng 2 minuto para magtanong o magkomento, para masulit ang paglahok.



# Mga Paparating na Pagpupulong

## Komite sa Koordinasyon

> *Miyerkules, Hunyo 15, 3:30-5:00pm*

## Komite sa Pamumuno ng Komunidad

> *Huwebes, Hunyo 23, 5-7pm*

## Mga Working Group

> **Pagpupulong ng Working Group sa Walang Emisyong Trak #7**
> *Martes, Hunyo 21, 1-2:30pm*

> **Working Group sa Katarungan #4**
> *Huwebes, Hunyo 30, 5-7pm*

## Task Force

> **Pagpupulong ng Task Force #10**
> *Lunes, Hulyo 11, 5-7:30 pm*

Metro

# Manatiling konektado sa proyektong ito

Michael Cano, *Executive Officer (Interim)*
*Countywide Planning & Development*
Metro
One Gateway Plaza, MS 99-13-1
Los Angeles, CA 90012

213.922.4710

*710corridor@metro.net*

*metro.net/projects/i-710-corridor*

*@metrolosangeles*

*losangelesmetro*

Metro

# Salamat sa pagsali sa amin!

Metro

# SLIDE PARA SA SANGGUNIAN

Metro

# Ipinapanukalang Pahayag sa Panggabay na Tuntunin ng Pagiging Likas-kaya

> Itinatag ang Plano sa Pamumuhunan ng I-710 South Corridor sa Panggabay na Tuntunin ng Pagiging Likas-kaya: "Pag-unlad na natutugunan ang kasalukuyang mga pangangailangan nang hindi kinokompromiso ang kakayahan ng mga henerasyon sa hinaharap na matugunan ang kanilang sariling mga pangangailangan"

> *"Ang pangako sa pagiging likas-kaya ay ang pagtugon sa mga pangunahing panlipunan at pang-ekonomiyang pangangailangan, sa kasalukuyan at sa hinaharap, at responsableng paggamit ng mga likas-yaman, nang pinapanatili o pinapabuti ang kapakanan ng kapaligiran kung saan nakadepende ang buhay."*

### Pagiging Likas-kaya ng Ekonomiya

> Nakatuon sa mga gawi na sumusuporta sa pangmatagalang paglago ng ekonomiya nang hindi negatibong naapektuhan ang mga panlipunan, pangkapaligiran, at pangkultura na aspeto ng komunidad.

### Pagiging Likas-kaya ng Lipunan

> Nakatuon sa mga pangunahing panlipunang pangangailangan ng mga tao, kabilang ang kalusugan at kapakanan, edukasyon, dignidad, katarungan, kapayapaan at hustisya.

### Pagiging Likas-kaya ng Kapaligiran

> Ay ang responsibilidad na pangalagaan ang mga likas-yaman at protektahan ang mga pandaigdigang ecosystem para suportahan ang kalusugan at kapakanan sa kasalukuyan at sa hinaharap.